
# PROJECT EASE

( Effective and Affordable Secondary Education )

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 8**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I
# Yunit II
# Modyul Blg. 8

# Sundin ang Kalikasan

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Kapag nanonood ka ng nagma-*magic,* iniisip mo ba itong totoo? Tama ka, hindi ito totoo kaya nga tinawag itong *magic* na ang ibig sabihin ay paggamit ng mga ritwal o bagay upang makagawa o pigilan ang isang bagay o pangyayari. Nakakalibang panoorin ngunit hindi likas ang pinanggagalingan kaya ito ay hanggang libangan na lamang. Subalit sa buhay ng tao ay mayroong mga sadyang likas sa tao. Magbago man ang panahon, kultura, paniniwala at kinagawian ng tao o grupo ng tao, mananatili ang mga ito sapagkat likas ito sa tao.

Isipin mo ang mga gawaing likas sa iyo bilang tao. Ikaw ay kumakain dahil nagugutom ka. Natutulog ka dahil inaantok at napapagod ang iyong katawan. Umiiyak ka dahil nalulungkot ka. Tumatawa naman kapag ikaw ay nasisiyahan. Ang mga ito ay likas sa tao. Ngunit alam mo ba na ang pagiging mabuti ng tao ay likas din sa kanya? Gusto mong malaman kung paano? Gawin mo ang mga gawain sa modyul na ito upang matuklasan mo.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaaasahang natutuhan mo na ang sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Nakikilala ang pagkakaiba ng Natural Law, Moral Law at Divine Law
B. Napahahalagahan ang mga batas ng Diyos at kalikasan na gumagabay sa tao upang manatiling mabuti.
C. Natutukoy ang mga gawaing likas sa tao na nagpapatuloy ng kanyang kabutihan

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.

2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang Natural Law ay nakaukit sa puso ng bawat tao kayat magagawa niyang
   a. gumawa nang mabuti at umiwas sa masama
   b. gumawa nang tama at hindi magkasala
   c. gumawa nang paraan upang mabuhay
   d. gumawa nang paraan upang umunlad ang pamumuhay

2. Ang Divine Law ay gabay ng tao upang
   a. makagawa ng kabutihan
   b. mabuhay ng maka-Diyos
   c. marating ang daan tungo sa kanyang Lumikha
   d. magkaroon ng katatagan ng kalooban

3. Ang mga katangian ng Natural Law ay ang sumusunod liban sa isa.
   a. hindi nagbabago
   b. mahiwaga
   c. obhektibo
   d. eternal

4. Ang Moral Laws ay batay sa Natural Law kaya ang mga ito ay sumusunod sa
   a. kultura ng bawat lipunan
   b. gusto ng tao
   c. kalikasan ng tao
   d. batas ng tao

5. Kapag pinagsunud-sunod mo ang ayos ng a. Natural Law, b. Divine Law at c. Moral Laws, ganito ang magiging ayos.
    a. c, a, b
    b. a, b, c
    c. b, a, c
    d. b, c, a

B. Basahin ang bawat pahayag. Isulat sa ibaba kung Tama o Mali ang pahayag pagkatapos, ipaliwanag ang napiling sagot.

1. Ang paggalang sa magulang ay ikaapat na utos ng Diyos

   Sagot_______Paliwanag__________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

2. Ang sobrang kahirapan ang nagtutulak sa mga tao upang gumawa ng masama.

   Sagot_______Paliwanag__________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

3. Kahit alam mong masama ang mangopya subalit kung wala nang paraan upang makapasa ay maaari mo itong gawin basta walang makakaalam ng iyong ginawa.

   Sagot_______Paliwanag__________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

4. Kung mamimili ka na rin ng kaibigan, piliin mo na iyong makatutulong sa iyo upang ikaw ay umunlad.

   Sagot_______Paliwanag__________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

5. Bukod sa pagpapatawad, kailangan ding kalimutan ang nagawang kasalanan ng kapwa.

   Sagot_______Paliwanag__________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

## III. Tuklasin Mo

Isulat mo sa bawat patlang ang una mong mararamdaman at agad gagawin kung malagay ka sa ganitong sitwasyon. Piliin ang iyong gagawin mula sa pamilian at isulat sa ibaba nito ang dahilan. Kung wala sa titik a, b at c ay maaari mong isulat ang iyong gagawin sa titik d.

6. Alas dose ng gabi at nakita mong naglalakad nang tulog ang iyong kapatid.
   a. gugulatin
   b. gigisingin
   c. tatawanan
   d. __________

   Bakit?
   ________________________________




2. Gabi na at wala ka nang makitang tao habang naglalakad ka. Napansin mong naliligaw ka na ng daan.
   a. iiyak
   b. sisigaw
   c. kakabahan
   d. __________

   Bakit?
   ________________________________



3. Araw ng pagsusulit. Pagdating mo sa silid-aralan, wala ka ng maupuan.
   a. iiyak
   b. sisigaw
   c. magagalit
   d. __________

   Bakit?
   ________________________________



## Sagutin Mo

1. Mula sa mga sitwasyon, positibo ba o negatibo ang iyong naging reaksyon? Bakit?
2. Bakit likas sa tao ang magalit at magdamdam? Bakit likas din sa kanya ang matuwa at magsaya?
3. Kung ang una mong reaksyon ay negatibo ngunit naisip mong mali ito, ano ang dapat mong gawin? (Hal. Natawa ka nang madapa ang kaklase mo, ngunit nang makita mong umiyak siya naisip mong napahiya siya dahil sa iyong pagtawa.)

Nakilala mo sa unang Gawain na ang tao ay mayroong damdamin. Kaya ang unang reaksyon o damdamin ng tao sa isang sitwasyon, natural ito.. Ito ay dahil likas sa tao ang magdamdam o magalit. Subalit dahil siya ay mayroong isip, maglilinaw din ang tamang katwiran at magbabago ng reaksyon.

Ngayon naman ay gawin mo ang ikalawang Gawain upang matutunan ang mga paraan upang mapanatili ang kabutihan mo bilang tao.

## Gawain Blg. 2

Basahin ang kwento ni Mang Doroteo. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ang Buhay sa Kalye ay Masaya




Pagtitinda ng bulalak ang nakagisnan ni Mang Doroteo. Ito na rin ang kanyang kanyang naging hanapbuhay niya ng siya ay magkaroon ng pamilya.

Ngayon ay matanda na siya. Madalas niyang naiisip na maaari sanang nagbago ang kanyang buhay kung sinunod niya ang payo ng dating kaibigan. Niyaya siya nito na magtinda na lamang ng bawal na gamot. Subalit tumanggi siya. Naisip niya ang pangaral ng kanyang ama. Mayroong Diyos na gumagabay sa buhay ng tao. Likas na mabuti ang tao subalit dahil sa mga pangyayari sa kapaligiran ay nakagagawa siya ng masama. Ngunit dahil mayroon siyang isip ay maaari siyang tumanggi sa masamang gawain at sundin ang tama, ito ang Batas Kalikasan (Natural Law). May kapasidad ang tao na gawin ang tama at umiwas sa masama. Dagdag pa ng kanyang ama mayroong itinakdang Batas ng Diyos (Divine Law). Ang mga ito ay ang Sampung Utos ng Diyos na nakasulat sa Bibliya. Upang higit pa niyang maunawaan, ang Batas ng Diyos ang siyang batayan ng Batas Moral (Moral Laws) ayon sa kanyang ama. Ang Batas Moral ang siyang pamantayan ng tamang kilos ng tao.

Mahigpit na tinatandaan ni Mang Doroteo ang mga pangaral na ito kung kaya ngayong matanda na siya, masaya pa rin siya sa kanyang piniling gawain. Umulan at umaraw ay nasa kalye siya. Minsan ay malakas ang benta ng bulaklak ngunit madalas ay hindi. Subalit kahit maliit ang kanyang kita ay masaya siya. Nakakaraos ang kanyang pamilya. Nakapag-aaral din ang kanyang mga anak. Kaya para sa kanya, masaya ang buhay sa kalye.

## Sagutin Mo

1. Naunawaan mo ba ang kwento? Bakit daw masaya ang buhay ni Mang Doroteo sa kalye?
2. Ano ang Divine Law? Bakit dapat sundin ang mga batas ng Diyos?
3. Ano ang Natural Law? Paanong ang kalikasan ng tao ay kaugnay sa Natural Law?
4. Ano Moral Law? Paano nakakatulong sa tao ang pagsunod sa Moral Law?

Nahirapan ka bang unawain ang mga konseptong binabanggit sa Gawain blg. 2? Gawin mo pa ang susunod na Gawain upang maging malinaw sa iyo ang paksa ng modyul na ito.

## Gawain Blg. 3

Isulat mo sa patlang ang iyong gagawin upnag itama ang kilos ng nasa sitwasyon. Banggitin ang mga pagpapahalagang dapat pairalin upang mapanatili ang kalikasan mo na mabuting tao.

1. Nalaman ng iyong kaklase na dinala sa ospital ang kanyang ina kaya nais na niyang umuwi. Subalit hindi siya pinayagan ng kanyang guro dahil isang oras na lang daw ay uwian na. Biglang nawala ang iyong kaklase at nakita mo siyang umaakyat sa bakod ng paaralan. Ano ang sasabihin mo sa kanya?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________




2. Bago mag-umpisa ang paligsahan ay tinutukso ka ng iyong mga kaklase na hindi ka mananalo dahil hindi ka naman magaling sa Matematika. Subalit itinuloy mo pa rin ang pagsali sa paligsahan. Ngayon ay nakamit mo ang unang karangalan. Ano ang iyong sasabihin sa iyong mga kaklase?
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________
   ______________________________________________________



3. Sinabi mo sa klase na napakadali ng inyong gawain sa Science kaya ikaw na ang nagkusa na mauna sa pagsubok. Subalit nang ilagay mo ang aklat sa iyong ulo at nag-umpisa ka nang maglakad, nadapa ka at nagtawanan ang mga kaklase mo. Ano ang sasabihin mo sa kanila?

______________________________
______________________________
______________________________



## Sagutin Mo

1. Mahirap bang umayon sa kalikasan ng tao, bilang mabuti? Bakit?
2. Kung ikaw ay nahihirapan sa pagpapakabuti, ano ang iyong dapat tandaan?

# IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Gamit ang dayagram sa ibaba, isulat sa kahon ang konseptong nabuo mo mula sa aralin.

Divine Law

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Natural Law

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Moral Law

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

## V. Pagpapatibay

Ang tao ay mayroong isip (intellect) at kalayaan ng loob (will) kaya't nasusuri niya ang kanyang mga kilos at reaksyon sa bawat nakikita, naririnig, nararamdaman, nalalasahan, at naaamoy. Dahil din sa kanyang isip at kalayaang loob ay kaya niyang maunawaan ang likas niyang kalikasan. Upang mapamahalaan niya nang maayos ang kanyang emosyon, kailangan niyang sundin ang mga batas na itinakda ng Diyos. Ang mga ito ang gagabay sa kanya upang maunawaang nilikha siya ng isang makapangyarihang Diyos. Sa mga kristiyano, nakasulat ang mga ito sa Bibliya, ang Sampung Utos ng Diyos. Habang sa mga muslim, ang mga ito ay nakasulat sa Koran.

Sa araw araw na pamumuhay, kinakailangan ng gabay ng kilos. Nandiyan ang mga Batas Moral upang kumilos ng tama at iwasan ang masama. Kahit pa sabihing likas sa tao na piliin ang tama at iwasan ang masama, kinakailangan pa rin niya ng gabay upang hindi maligaw ang kanyang landas. Isipin mo na lang kung walang pangalan ang bawat daan o mga *roadsigns.* Siguradong maliligaw ka at mahihirapang makarating sa nais mong puntahan. Marahil lahat ng taong iyong masalubong ay iyong tatanungin. Ganyan ang Batas Moral, mga *roadsigns* sa daan ng buhay ng tao. Kahit maraming pagsubok at tukso sa daan ng buhay, hindi ka maliligaw dahil mayroon kang gabay.

Karagdagan pa, ang Batas Moral ay hindi nagbabago, magbago man ang panahon. Halimbawa, ang pagiging tapat sa kapwa ay ginagawa na ng tao noon, ngayon ang konsepto ng katapatan sa kapwa ay ganoon pa rin.

Higit sa lahat, dahil ang Batas Moral ay batay sa batas ng Diyos, hinihimok nito ang tao na higit na sundin ang kalooban ng Diyos. Pinabubuti ng Batas Moral ang ugnayan ng Diyos at tao.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Mula sa Sampung Utos ng Diyos, pumili ng isa na sa iyong palagay ay nahihirapan kang sundin. Pagkatapos ay isulat mo sa bawat kolum ang kahalagahan ng pagsunod dito sa iyong buhay at ang mga pagpapahalagang kailangan mo upang maisabuhay ito nang maayos. (Kung ikaw ay Muslim, maaari mong isulat ang utos na ayon sa Koran)

| Utos ng Diyos na Nahihirapang Sundin | Kahalagahan ng Pagsunod Dito | Pagpapahalagang Dapat Pairalin Upang Maisabuhay ang Utos |
|---|---|---|
| Halimbawa:<br>Ikatlong Utos:<br>Alalahanin mo ang Araw ng Panginoon upang ipangilin ito. | Pagbibigay galang sa Diyos na gumawa sa atin | Katatagan,<br>Kasipagan,<br>Kababaang-loob |

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ang Natural Law ay nakaukit sa puso ng bawat tao kayat magagawa niyang
   a. gumawa nang mabuti at umiwas sa masama
   b. gumawa nang tama at hindi magkasala
   c. gumawa nang paraan upang mabuhay
   d. gumawa nang paraan upang umunlad ang pamumuhay

2. Ang Divine Law ay gabay ng tao upang
   a. makagawa ng kabutihan
   b. mabuhay ng maka-Diyos
   c. marating ang daan tungo sa kanyang Lumikha
   d. magkaroon ng katatagan ng kalooban

3. Ang mga katangian ng Natural Law ay ang sumusunod liban sa isa.
    a. hindi nagbabago
    b. mahiwaga
    c. obhektibo
    d. eternal

4. Ang Moral Laws ay batay sa Natural Law kaya ang mga ito ay sumusunod sa
    a. kultura ng bawat lipunan
    b. gusto ng tao
    c. kalikasan ng tao
    d. batas ng tao

5. Kapag pinagsunud-sunod mo ang ayos ng a. Natural Law, b. Divine Law at c. Moral Laws, ganito ang magiging ayos.
    a. c, a, b
    b. a, b, c
    c. b, a, c
    d. b, c, a

B. Basahin ang bawat pahayag. Isulat sa ibaba kung Tama o Mali ang pahayag pagkatapos, ipaliwanag ang napiling sagot.

1. Ang paggalang sa magulang ay ikaapat na utos ng Diyos.

    Sagot_______Paliwanag___________________________________
    ________________________________________________________
    ________________________________________________________

2. Ang sobrang kahirapan ang nagtutulak sa mga tao upang gumawa ng masama.

    Sagot_______Paliwanag___________________________________
    ________________________________________________________
    ________________________________________________________

3. Kahit alam mong masama ang mangopya subalit kung wala nang paraan upang makapasa ay maaari mo itong gawin basta walang makakaalam ng iyong ginawa.

    Sagot_______Paliwanag___________________________________
    ________________________________________________________
    ________________________________________________________

4. Kung mamimili ka na rin ng kaibigan, piliin mo na iyong makatutulong sa iyo upang ikaw ay umunlad.

   Sagot________Paliwanag________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Bukod sa pagpapatawad, kailangan ding kalimutan ang nagawang kasalanan ng kapwa.

   Sagot________Paliwanag________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

## VIII. Mga Sanggunian


Esteban, Esther J. 1990. *Education in Values: What, Why, and for Whom.* Manila: Sinag-tala Publishers, Inc.

Catholic Bishops' Conference of the Philippines. 2000. Katesismo Para sa mg Pilipinong Katoliko. Manila: CBCP/ECCCE, Word and Life Publications.


Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.

1. a
2. c
3. b
4. c
5. c

B.

1. Tama. Ang mga magulang ang kasama ng Diyos sa paglikha sa tao kayat dapat silang igalang.
2. Mali. Ang kahirapan ay hindi dahilan upang gumawa ng masama. Meron siyang talino at kakayahan upang makaahon sa kahirapan.
3. Mali. Ang pagiging masipag at matiyaga sa pag-aaral ang kailangan upang magkaroon ng mahuhusay na marka.
4. Mali. Ang pakikipagkaibigan ay pakikipagkapwa kaya naroon ang pagtutulungan.
5. Tama. Kailangang kalimutan na ang nagawang kasalanan upang maging ganap ang iyong pagpapatawad.

Gaano Ka Natuto?

A.

1. a
2. c
3. b
4. c
5. c

B.

1. Tama. Ang mga magulang ang kasama ng Diyos sa paglikha sa tao kayat dapat silang igalang.
2. Mali. Ang kahirapan ay hindi dahilan upang gumawa ng masama. Meron siyang talino at kakayahan upang makaahon sa kahirapan.
3. Mali. Ang pagiging masipag at matiyaga sa pag-aaral ang kailangan upang magkaroon ng mahuhusay na marka.
4. Mali. Ang pakikipagkaibigan ay pakikipagkapwa kaya naroon ang pagtutulungan.
5. Tama. Kailangang kalimutan na ang nagawang kasalanan upang maging ganap ang iyong pagpapatawad.